***PAUNAWA SA PUBLIKO***

**LUNGSOD NG NATIONAL CITY**

**UNANG PAMPUBLIKONG PAGDINIG PARA SA DRAFT NA TAUNANG PLANO NG AKSYON PARA SA FISCAL YEAR 2022-2023**

Alinsunod sa mga pederal na regulasyon sa 24 CFR, Bahagi 91, kinakailangan ng Lungsod ng National City (Lungsod) na maghanda at magsumite ng Taunang Plano ng Aksyon para sa Mga Programa ng Benepisyo sa Pabahay at Pagpapaunlad sa Komunidad (Housing and Community Development Entitlement Programs) nito na pinopondohan ng U.S. Department of Housing and Urban Development (HUD o Kagawaran ng Pabahay at Pagpapaunlad ng Lungsod). Binabalangkas ng 2020-2024 Consolidated Plan ang mga pangangailangan at priyoridad ng Lungsod sa pagpapaunlad sa komunidad ukol sa pabahay at para sa hindi pabahay sa loob ng limang taon. Binabalangkas ng Plano ng Aksyon para sa 2022-2023 kung paano nilalayon ng Lungsod na gumastos ng tinatayang $744,200 na pondo ng pederal na Community Development Block Grant (CDBG) at $328,300 na pondo ng benepisyo sa pederal na HOME Investment Partnerships (HOME) Program. Bukod pa sa mga pinagmumulan ng pondo na nabanggit sa itaas, inaasahan ng Lungsod ang pagtatalaga ng $142,387 na kita sa programa na kinita mula mga aktibidad sa HOME noong mga nakaraang taon para pondohan ang mga aktibidad na nakalista sa ilalim ng iminumungkahing Plano ng Aksyon.

Sa pamamagitan nito, Ipinapatalastas na idaraos ng Konseho ng Lungsod ng Lungsod ng National City ang una sa dalawang Pampublikong Pagdinig sa Martes, Marso 15, 2022, sa ganap na 6:00 p.m. Ang layunin ng Pampublikong Pagdinig ay magbigay ng pagkakataon para sa pagkomento ng publiko tungkol sa mga rekomendasyong ibinigay sa Konseho ng Lungsod para sa pagpopondo sa mga aktibidad ng CDBG at HOME Program na nakalista sa ilalim ng Plano ng Aksyon para sa 2022-2023. Ang Consolidated Plan ay available na suriin sa website ng Lungsod www.nationalcityca.gov/cdbg-home. May mga available na hardcopy sa tanggapan ng City Clerk (1243 National City Boulevard, National City, CA 91950)

Magsasagawa ng pangalawang Pampublikong Pagdinig sa regular na nakaiskedyul na pulong ng Konseho ng Lungsod sa Mayo 3, 2022, para suriin ang mga komento ng publiko na natanggap sa 30 araw na yugto ng pagsusuri ng publiko (Marso 18 hanggang Abril 17, 2022) sa draft na Plano ng Aksyon para sa 2022-2023; at para bigyan ang mga interesanteng tao at grupo sa komunidad ng huling pagkakataon para ibahagi ang kanilang mga kuro-kuro hinggil sa Plano at sa mga aktibidad sa CDBG at HOME Program na iminumungkahi. Matapos masuri ang lahat ng komento ng publiko sa Pampublikong Pagdinig sa Mayo 3, 2022, papagtibayin ng Konseo ng Lungsod ang Plano ng Aksyon para sa 2022-2023 at mga iminungkahing rekomendasyon sa pagpopondo sa CDBG at HOME.

Ang pakikilahok ng publiko ay isang mahalagang bahagi ng paggawa sa Taunang Plano ng Aksyon. Iniimbitahan ang mga interesanteng tao at grupo sa komunidad na manood na lumahok sa mga pagdinig na ito. Inaasahang idaraos ang dalawang Pampublikong Pagdinig online sa www.nationalcityca.gov/webcast.

Maaaring magsumite ng pampublikong komento bago ang pulong sa pamamagitan ng pagsulat sa email sa publiccomment@nationalcityca.gov; pakibigay ang numero o pamagat ng agenda item ng item sa subject line ng email. Ang mga pampublikong komento o testimonya ay limitado sa hanggang tatlong (3) minuto. Ang lahat ng komento sa email na matatanggap bago sumapit ang 1:00 p.m. sa araw ng pulong ay magiging bahagi ng opisyal na record. Para magbigay ng live na pampublikong komento sa pulong, dapat kang mag-preregister sa website ng Lungsod sa https://www.nationalcityca.gov/publiccomment bago sumapit ang 1:00 p.m. sa araw ng regular na pulong para makasali sa Pulong ng Konseho ng Lungsod. Para sa higit pang impormasyon hinggil sa prosesong ito, paki-contact ang Tanggapan ng City Clerk sa (619) 336-7328 o sa pamamagitan ng email sa clerk@nationalcityca.gov. Para sa mga taong may kapansanan sa pandinig, pakigamit ang CAL Relay Service Number 711. Asistencia en Español: Para que le interpreten la información en español, llame al (619) 336-4391.

Carlos Aguirre, Housing Authority Director
Lungsod ng National City, Marso 4, 2022